

# MGA KARAPATAN NG MGA PASYENTE PARA SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP



**Magkatulad ang mga legal na karapatan ng mga pasyente para sa kalusugan ng pag-iisip at ang mga karapatang tinitiyak para sa lahat ng tao ng Saligang-Batas at mga batas ng Estados Unidos at California**

## **MAYROON KANG KARAPATAN:**

- Magkaroon ng dignidad, pagkapribado at makataong pag-aalaga
- Hindi saktan, kabilang ang hindi kailangan o labis na pisikal na pagpipigil, gamot, pagkakalayo, pang-aabuso at kapabayaang
- Makatanggap ng impormasyon tungkol sa iyong pagpapagamot at sumali sa pagpapalano ng iyong pagpapagamot
- Pumayag o tumanggi sa pagpapagamot, maliban na lamang kung mayroong isang tinukoy na emergency ang batas o napagpasyahan ng batas ang kakulangan sa iyong kakayanan
- Sa mga serbisyo para sa mga kliyente na dinisenyo para matugunan ang iyong mga indibidwal na mga layunin, magkakaibang mga pangangailangan,

- alalahanin, kalakasan, motibasyon at mga kapansanan
- Sa pagpapagamot para madagdagan ang iyong kakayahan na mas malayang makakilos nang mag-isa
- Sa maagap na pangangalagang medikal at pagpapagamot
- Sa mga serbisyo at impormasyon sa wikang nauunawaan mo at sensitibo sa mga kultural na pagkakaiba-iba at mga espesyal na pangangailangan
- Itabi at gamitin ang iyong personal na mga gamit kabilang ang mga kagamitang pang-banyo
- Magkaroon ng indibidwal na lalagyan para sa iyong pribadong paggamit
- Magtabi at gumastog ng makatwirang halaga ng iyong sariling pera para sa mga simpleng bilihan

- Makatwirang makagamit ng telepono para kumpidensyal na makatawag at makatanggap ng mga tawag o di kaya'y humiling na ibang tao ang gumawa ng mga ito para sa iyo
- Magkaroon ng mga gamit para sa pagsusulat at mga stamps o selyo-magpadala ng sulat at makatanggap ng mga sulat na hindi binuksan
- Isuot ang sariling damit
- Makihalubilo, sumali sa mga aktibidad ng komunidad, sa mga pagkakataong makilahok sa mga pisikal na ehersisyo at libangan
- Makatanggap ng mga bisita araw-araw
- Makita at matanggap ang mga serbisyo ng isang patient-advocate na walang direktang klinikal o administratibong responsibilidad para sa taong tumatanggap ng

- serbisyon pangkalusugan para sa pag-iisip
- Maging malaya sa iyong relihiyosong paniniwala at gawain
- Sumali sa mga naaangkop na mga programang edukasyon na suportado ng publiko
- Hindi maipasailalim sa mga mapanganib na pamamaraan o procedure
- At sa lahat ng iba pang mga karapatang ibinigay ng batas o regulasyon

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, KONTAKIN ANG IYONG LOCAL COUNTY PATIENTS' RIGHTS ADVOCATE:

Advocates Please Place Your Address & Phone Number Here

KUNG HINDI MO MAKONTAK ANG IYONG LOCAL COUNTY PATIENTS' RIGHTS ADVOCATE, PWEDENG TAWAGAN ANG:

California Office of Patients' Rights  
1831 K Street, Sacramento, CA 95811-4114 (916) 504-5810,  
<http://www.disabilityrightsca.org/>  
Department of Health Care Services  
Mental Health Services  
Division Ombudsman (800) 896-4042  
or Email:  
[mhombudsman@dhcs.ca.gov](mailto:mhombudsman@dhcs.ca.gov)